TAON 1 AT 2

Public education
**Discover a world of opportunities**

# PAGBASA: PAG-AARAL SA TAHANAN

## LALONG MARAMING IDEYANG NAUUKOL SA PAGBASA

**Magbasa kayo na magkasama**

Kapag kayo ay nagbabasa na kasama ng inyong mga anak:

- palakasin ninyo ang kanilang loob na basahan nila kayo
- mag-usap kayo tungkol sa nangyayari sa kuwento at sa mga litrato
- tawagin ninyo ang kanilang pansin sa mga pinakamahalagang salita sa kuwento at ipaliwanag ninyo ang mga salita na marahil ay hindi nila alam
- hayaan ninyong ipakita nila sa inyo ang mga salitang hindi nila alam

**Ang paglalaro ng mga pagkukunwaring laro gaya ng tindahan, paaralan, garahe at restawran ay tutulungan ang mga batang matuto tungkol sa mga salita at kung paano ginagamit ang pagbasa sa pang-araw-araw na buhay.**

- tumigil kayo at itanong ninyo: *Ano sa palagay ninyo ang susunod na mangyayari?* at *Bakit ninyo naiisip iyon?* – tanggapin ninyo ang kanilang mga sagot kahit hindi ganap na tama ang mga iyon
- palakasin ninyo ang kanilang loob na sumali sa pagtutugma ng mga salita o mga kataga na inulit-ulit sa buong kuwento
- magtanong kayo ng mga *bakit* na tanong, halimbawa: *Bakit sa inyong palagay ilinagay iyon ng may-akda sa kuwento?*
- sagutin ninyo ang kanilang mga tanong kahit ititigil ng mga ito ang pagdaloy ng kuwento – tandaan ninyo, hiniling ninyo ang kanilang mga palagay!

**Magbasa kayo ng mga bagay na talagang tatamasahin ng inyong mga anak upang matutuhan nilang magustuhang bumasa!**

**Kapag nakakita ang inyong mga anak ng isang salitang hindi nila alam, himukin silang tingnan ang mga titik ng salita at papatunugin ninyo sa kanila ang lahat o mga bahagi ng salita- bigyan ninyo sila ng panahon para gawin ito.**

Kapag natapos na kayong magbasa kasama ng inyong mga anak:

- ipasalaysay ninyo muli sa kanila ang kuwento sa inyo o sa ibang miyembro ng pamilya sa kanilang sariling mga salita
- magtanong kayo tungkol sa mga pangyayari at mga tauhan, halimbawa: *Sino ang inyong paboritong tauhan?* at *Saan ginanap ang pangyayaring iyan?*
- pagtularin ninyo ang mga tauhan sa aklat sa mga taong inyong nakikilala
- mag-usap kayo tungkol sa kung bakit isinulat ang aklat at sa mga menshae sa kuwento
- tanungin ninyo sila kung ano ang natutuhan nila kung ang aklat ay naglalaman ng maraming mga impormasyon
- tawagin ninyo ang kanilang pansin sa pangalan ng may-akda at, kung nalibang sila ng aklat, imungkahi ninyo na magbasa sila ng ibang aklat na sinulat ng parehong may-akda.

**Ang paraan ng inyong pagbasa ng isang kuwento sa inyong mga anak ay makakagawa ng malaking pagkakaiba sa kung gaano nila matatamasa ito. Gawin ninyo ang mga tunog ng iba-ibang mga hayop at palitan ang inyong tinig para sa iba-ibang mga tauhan.**

**Makakakita kayo nang higit pa na mga pahina ng mga impormasyon ukol sa pantahanang pag-aaral sa education.wa.edu.au.**

Department of Education

© Department of Education, Western Australia, 2015